

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
12

Pagtukoy ng Sanhi o Bunga

A. Salungguhitan ang **sanhi** sa bawat pangungusap.

1. Nakamit ni C.J. ang unang gantimpala sa paligsahan dahil napakahusay at taos puso ang kanyang pag-awit.
2. Unti-unting nawawalan ng matirhan ang mga hayop sa gubat kaya nasa panganib ang buhay nila.
3. Tumaas hanggang tuhod ang tubig baha kung kaya't lumikas na ang mga tao mula sa kanilang mga bahay.
4. Nagluto ng espesyal na almusal ang magkakapatid pagka't nais nilang masorpresa si Nanay sa kanyang kaarawan.
5. Dahil paulit-ulit na sinabi ni Anita ang numero ng *cellphone* ng kanyang kaibigan, nasaulo niya ito.
6. Pinahintulutan ni Aling Tessie na maligo ang mga bata sa ulan kasi wala naman kulog at kidlat.

B. Salungguhitan ang **bunga** sa bawat pangungusap.

1. Parating na ang trak ng mga basurero kung kaya't inilabas na ni Noel ang mga bag ng basura.
2. Tiniis niya ang kahirapan ng trabaho dahil nais niyang bigyan ng magandang kinabukasan ang kanyang mga anak.
3. Malaki ang nabago sa hitsura at laki ng kanyang katawan kaya hindi ko siya agad namukhaan.
4. Lumubog ang malaking barko sapagka't ang bilang ng mga pasahero roon ay labis sa kapasidad nito.
5. Bumili ng mga bagong kagamitan para sa eskuwela sina Jun at Erica kasi malapit na ang pasukan.
6. Nag-ipon ng pera ang pamilyang Santos kaya nakapagpalista ang mga bata sa pribadong paaralan.